Ikaw ay Anak ng Diyos

(Anak Ka ng Hari, Ikaw ay Princesa)

I

Iniisip-isip mo ba kung alam Nyang sino ka?
Kung alam ba Nya ang pagsusumamo ng puso mo?
Bilang Niya ang buhangin ng dagat
Nais Niyang malaman mong may tiwala Siya sa yo

II

Nararamdaman mo ba kapangyarihan ng langit?
Dama mo ba ang lakas na nakapalibot sa iyo
Nasa yo ang Kanyang Espiritu
At nais Nyang malaman mong ito'y tunay na maging gabay mo

Koro

Anak ka ng Hari, ikaw ay Princesa, taglay mo'y kabanalan Niya
Ikaw ay tawag Nya, lumapit sa Kanya at tanggapin ang Kaharian
Na ikaw ay nilikha Niyang maging Anak ng Diyos

III

Hawak-hawak mo mga pangako ng Ama
Abutin mo na ngayon ang Kanyang mga pamana
Minahal ka Nya mula pa noon
Hayaan mong ituro Nya biyayang nakalaan sa iyo

Tunay na Ika'y Anak ng Diyos